

**Maikling Impormasyon sa Halalang-Pagdaragdag sa Batasang Konseho  
ng Heograpikal na Konstituwensya sa Kanlurang Kowloon 2018**

**Petsa at Oras ng Pagboto**

- Araw ng botohan: Ika- 25 ng Nobyembre 2018 (Linggo)
- Oras ng botohan: 7:30 a.m. - 10:30 p.m. (maliban sa nakatalagang mga istasyon ng botohan na matatagpuan sa mga bilangguan kung saan ang mga oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

**Bilang ng mga Miyembrong ihahalal**

- Isang miyembro para sa Heograpikal na Konstituwensya ng Kanlurang Kowloon

**Panahon ng Nominasyon**

- Panahon ng nominasyon sa kandidatura: 2 - 15 Oktubre 2018
- Maaaring ma-download ang mga form ng nominasyon mula sa website ng REO ([www.reo.gov.hk](http://www.reo.gov.hk)), o makukuha sa mga sumusunod na tanggapan:
  - Tanggapang Pandistrito
  - Tanggapan ng Returning Officer
  - Mga tanggapan ng Tanggapang Pagpaparehistro at Halalan ("REO") sa 10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Yunit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon.

**Mga Kaayusan ng Pagboto**

- Ang mga nakarehistrong botante sa Heograpikal na Konstituwensya sa Kanlurang Kowloon na ang mga pangalan ay kasama sa Huling Talaan ng mga Manghahalal ng 2018 ay maaaring bumoto sa halalang-pagdaragdag.
- Bawat botante ay itatalaga sa isang nakatakdang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ng isang indibidwal na botante ang ibibigay sa bawat botante mga 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang botante ay maaaring magamit ng mga botante na may mga espesyal na

pangangailangan (mga taong gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa pagkilos) ay itutukoy sa mapa na kalakip ng kard sa pagboto. Kung ang nakatalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan, ang mga botante ito ay maaaring mag-aplay sa **REO** para bumoto sa isang nakatalagang espesyal na istasyon ng botohan na nararating ng mga gumagamit ng wheelchair o mga botante na may kahirapan sa pagkilos sa pamamagitan ng fax (2891 1180), sa email (reoeng@reo.gov.hk), sa telepono (2891 1001) o sa koreo (Registration and Electoral Office, 10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong) **na hindi lalampas ng ika-20 ng Nobyembre 2018 (Martes).**

- Kung ang botante ay mangangailangan ng tulong sa pagsasalin sa impormasyon ng pagboto, maaari silang tumawag sa Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline simula ika-12 hanggang ika-16 ng Nobyembre at mula ika-19 hanggang ika-25 ng Nobyembre 2018.

Wika	Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833
Punjabi	

### Paano Bumoto?

- Dalhin ang orihinal na kopya ng iyong Hong Kong Identity Card o ibang tinukoy na alternatibong (mga) dokumento sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan at ipakita ang (mga) kaugnay na dokumento sa kawani ng halalan, na magpapatunay ng iyong impormasyon sa huling talaan. Kung kinakailangan, mangyaring makipag-ugnay sa REO para sa mga detalye ng tinukoy na alternatibong (mga) dokumento na maaaring tanggapin.
- Ikaw ay bibigyan ng isang balota, isang carboard na may kasamang pantatak na "✓" (kudlit). Ang balota ay itiniklop ng kawani ng halalan. **DAPAT** mong gamitin ang pantatak na ibinigay upang markahan ang iyong balota sa loob ng isang kompartimento ng botohan.

- **DAPAT** mong gamitin ang pantatak na nakalaki sa cardboard upang magtatak ng "✓" (kudlit) iyong balota sa bilog na katapat ng pangalan ng napili mong kandidato. Bumoto para sa **ISANG** kandidato lamang sa bawat balota. Kung ikaw ay magkamali sa pagtatak ng balota o di-sinasadyang masira ang balota, maaari mong ibalik ang balota sa Namamahalang Opisyal at humingi ng kapalit.
- Pagkatapos markahan ang balota, mangyaring tiklupin ng isang beses ang balota ayun sa pagkatiklop ng ginawa ng kawani ng halalan upang ang markadong bahagi ay nasa loob upang maikubli ang "✓" (kudlit) bago ito ilagay sa ballot box.

### **Malinis na Eleksyon**

Ayon sa Ordinansa (Tiwali at Illegal na Gawain) sa Halalan (Cap. 554) na ipinapatupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (ICAC), ang botante ay **HINDI DAPAT**:

- humihingi o tumatanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang natatanging kandidato;
- gumagamit o nagbabanta na gumamit ng dahas o pananakot para impluwensiyahan ang desisyon ng sinumang bumoto;
- bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito; o pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangan na pagbibigay ng mali o marayang impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.

Ang ICAC ay may dedikadong website sa malinis na halalan at nagbibigay ng may-katuturang impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Ang link ay

<https://www.icac.org.hk/en/ce/index.html>